



Access sa Medikal na Talaan sa Internet ng Ibang Nasa Hustong Gulang sa MyChart

Ang “MyChart” ay isang website kung saan maaari ninyong basahin ang inyong medikal na talaan sa internet. Maaari ninyong ipabasa sa ibang tao ang inyong medikal na talaan sa internet upang tumulong sa pangangalaga sa inyo. Ang “MyChart” ay mayroong sensitibong impormasyon na gusto ninyong panatiliing pribado. Maaaring kasama dito ang ilang impormasyon tungkol sa kalusugang pangkaisipan, pag-abuso sa alak o droga, tulo, at emosyonal, pisikal at sekswal na pang-aabuso.

Kailangan ninyo gawin ang mga bagay na ito para payagang makita ng iba ang inyong medikal na talaan sa internet:

1. Pumili ng isang nasa hustong gulang (18 taong gulang o mas matanda pa) para basahin ang inyong talaan. Hindi kayo maaaring pumili ng isang tao na mas bata sa 18 taong gulang.
2. Huwag pumili ng isang tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan o kawani na nagbibigay sa inyo ng pangangalaga sa San Francisco Health Network o ng iba pang setting sa kalusugan.
3. Personal na pirmahan ang form para sa pahintulot. Sinasabi ng form na pinahihintulutan ninyo ang ibang nasa hustong gulang na ma-access sa MyChart ang inyong medikal na talaan sa internet.
4. Kailangan sumang-ayon ang ibang tao na iyon sa mga tuntunin at kondisyon sa paggamit ng MyChart.

HINDI kayo dapat pilitin ng ibang tao na magbigay ng access sa inyong medikal na impormasyon sa internet. Kung bibigyan ninyo ng pahintulot ang isang tao na basahin ang inyong mga talaan sa MyChart, pinahihintulutan ninyo ang paglabas ng mga bahagi ng inyong medikal na talaan sa taong iyon. Maaari ninyong bawiin ang access ng ibang tao sa impormasyon ng inyong medikal na talaan sa MyChart. Kailangan ninyong magsumite ng isang NAKASULAT na kahilingan para bawiin ang access ng ibang nasa hustong gulang. Maaari itong umabot nang hanggang 3 araw bago alisin ang access ng ibang nasa hustong gulang. Mayroong karapatan ang San Francisco Health Network na bawiin sa anumang oras ang pag-access sa internet ng medikal na impormasyon.

**Access to Another Adult's Online Medical
Record in MyChart**

NAME
DOB
MRN
PCP

- Nabasa ko at naiintindihan ko ang dokumentong **“Access sa Medikal na Talaan sa Internet ng Ibang Nasa Hustong Gulang sa MyChart.”**
- Sumasang-ayon ako na payagang ma-access ng tao na nasa ibaba ang aking medikal na impormasyon sa “MyChart.” Kasama dito ang impormasyon na mayroon ngayon at ang impormasyon na maaaring magkaroon sa hinaharap.
- Naiintindihan ko na maaari kong bawiin ang pag-access na ito sa anumang oras. Maaari itong umabot nang hanggang 3 araw bago alisin ang access ng ibang nasa hustong gulang.
- Kinikilala ko, na kung isisiwalat ko ang impormasyon ng aking kalusugan sa ibang tao na hindi kinakailangang panatilihin itong kompidensyal ayon sa batas, maaari itong isiwalat muli at hindi na mapoprotektahan. Hinihiling ng batas ng California na iwasan ng mga tatanggap na isiwalat muli ang mga ganitong impormasyon maliban kung mayroong nakasulat na pahintulot o ayon sa partikular na hinihiling ng batas.

**Ang tao na pinahihintulutan kong maka-access sa aking talaan sa internet sa
“MyChart”:**

Pangalan: _____

Apelyido: _____

Petsa ng Kapanganakan (dapat ay 18 o mas matanda pa): _____

Email address: _____

Kaugnayan sa akin:

____ Asawa / Kinakasama

____ Anak

____ Kapatid na Lalaki / Kapatid na Babae

____ Iba pa – mangyaring tukuyin: _____

Pirma ng Pasyente: _____ Petsa: _____

Pirma ng Saksi: _____ Petsa: _____

Nakasulat na Pangalan ng Saksi: _____

Para sa seguridad, mangyaring dalhin sa inyong klinika ang nakumpletong form.